

## SO WHAT

- Papaano mo ilalarawan ang sarili mo bilang tagapagbigay? Anong mga hamon ang hinaharap mo sa pagbibigay?
- Alalahanin ang panahong natugunan ang mga pangangailangan mo dahil sa pagbibigay ng isang tao. Papaano ka naapektuhan ng karanasang ito?
- Ano sa tingin mo ang gusto ng Diyos mula sa atin kapag sinasabihan Niya tayong magbigay ng ikapu (Leviticus 27:30; Malakias 3:8-12, Kawikaan 3:9,10)? Bakit hindi naniniwala ang ibang tao sa pagbibigay ng ikapu?

## NOW WHAT

- Papaano tayo magiging tunay na maluwag sa ating pagbibigay? Anong mga nakagawian, kaugalian, at pag-iisip ang kailangang mabago? Ano ang dapat palaguin pa?
- Maliban sa pagbibigay mo ng ikapu sa Diyos, sa anong mga paraan ka pa magiging biyaya sa gawain ng Diyos (Every Nation Building Phase 2, Real LIFE Foundation, missions, campus, atbp.)?
- Mag-usap kung papaano maging mapagbigay ang iyong grupo, sa panahon man o pera ngayong Kapaskuhan.

## PRAYER

- Magtiwala sa Diyos para sa abundateng paglalaan sa iyong *Victory group* at lokal na simbahan at sa higit pang pananampalataya na magbigay ayon sa Salita ng Diyos.
- Sumangguni sa Diyos kung sino ang mabibiyayaan mo ngayong linggo at agarang gumalaw sa pananampalataya.
- Manalangin na baguhin ng Diyos ang iyong pag-iisip tungkol sa pagbibigay, na makikita mo at aantabayanan na maging daluyan ng pagpapala pati na ang mga kabutihang kalakip nito.



VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013  
 Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan. Ito ay hindi pinagbibili.  
 victory.org.ph

## WEEK 4 FILIPINO

# Maluwag na Pagbibigay



## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

## CONNECT

- Ano ang pinakamapagbigay na gawa ang iyong nakita? Paano ka nahikayat nito?
- Alalahanin ang pagkakataong binigay mo ang pinakamalaking tulong sa kapwa o sa isang layunin. Ano ang nagtulak sa iyong gawin ito?
- Ibahagi ang panahong may nagbigay sa iyo. Ano ang pakiramdam? Paano ka tumugon?

## WORD

<sup>8</sup>Sinabi naman ng isa sa mga tagasunod niyang si Andres na kapatid ni Pedro, <sup>9</sup>“May isang batang lalaki rito na may limang tinapay at dalawang isda. Pero kakasya ba naman ito sa dami ng tao?” <sup>10</sup>Sinabi ni Jesus, “Paupuin ninyo ang mga tao.” Umupo naman ang mga tao dahil madamo sa lugar na iyon. Ang bilang ng mga lalaki lang ay mga 5,000 na. <sup>11</sup>Kinuha ni Jesus ang tinapay at nagpasalamat sa Diyos. Pagkatapos, ipinamahagi ito sa mga tao. Ganoon din ang ginawa niya sa isda, at nabusog ang lahat. JUAN 6:8-11 (BASAHIIN ANG BUONG KWENTO SA JUAN 6:5-14.)

## WHAT

Sinasabi ng Bibliya na mahal ng Diyos ang taong malugod na nagbibigay (2 Corinto 9:7). Bakit kailangang mapuno ng kaluguran ang pagbibigay? Anong nangyayari kapag sinunod natin ang Diyos at maluwag tayong nagbigay?

### 1 Kayang paramihin ng Diyos ang ating binigay.

<sup>9</sup>“May isang batang lalaki rito na may limang tinapay at dalawang isda. Pero kakasya ba naman ito sa dami ng tao?” <sup>10</sup>Sinabi ni Jesus, “Paupuin ninyo ang mga tao.” Umupo naman ang mga tao dahil madamo sa lugar na iyon. Ang bilang ng mga lalaki lang ay mga 5,000 na. JUAN 6:9,10

Ang tanging pagkain na mayroon habang nagtitipon-tipon ang 5,000 na gutom na mga lalaki pati mga babae at mga bata ay ang tanghalian ng isang batang lalaki na limang tinapay at dalawang isda. Ngunit sa mga kamay ni Jesus, ang konting tanghalian na iyon ang nagpakain sa bawat isang tao at may sobra pa sila! Tulad ng batang lalaki, kayang paramihin ng Diyos ang anumang ialay natin sa Kanya. Ibahagi ang panahong pinarami ng Diyos ang iyong pag-aari upang matugunan ang isang pangangailangan. Ano ang ginawa nito sa iyong pananampalataya?

---



---



---



---

### 2 Napupunan ang pangangailangan ng iba kapag tayo ay nagbigay.

<sup>16</sup>Kinuha ni Jesus ang limang tinapay at dalawang isda. Tumingala siya sa langit at nagpasalamat sa Diyos. Pagkatapos, hinati-hati niya ang tinapay at ibinigay sa mga tagasunod niya upang ipamigay sa mga tao. <sup>17</sup>Kumain silang lahat at nabusog. Pagkatapos, tinipon nila ang natirang pagkain, at nakapuno sila ng 12 basket. LUCAS 9:16,17

Binigay ni Jesus ang pagkain sa mga tagasunod upang ipamahagi sa mga tao. Lahat sila ay kumain at nabusog! Kapag tayo ay nagbibigay, nagkakaroon tayo ng pagkakataon upang magamit ng Diyos na tugunan ang pangangailangan ng iba at makitang palaguin ng Diyos ang kakaunting mayroon tayo upang mabiyayaan ang marami pang tao. Magbigay ng mga halimbawa kung papaano tayo magagamit ng Diyos bilang mga daluyan ng pagpapala. Ano ang nagagawa sa atin ng pagiging daluyan ng pagpapala?

---



---



---

### 3 Nabibiyayaan tayo kapag tayo ay nagbigay.

“Ginawa ko ito upang maipakita sa inyo na sa ganitong pagsusumikap ay matutulungan natin ang mga dukha. Lagi nating alalahanin ang sinabi ng Panginoong Jesusna mas mapalad ang nagbibigay kaysa sa tumatanggap.” MGA GAWA 20:35

Nakakakuha tayo ng mas malaking biyaya kapag tayo ay nagbigay kay sa kung tayo ang tumanggap. Kahit ang makabagong pag-aaral ng sikolohiya ay nagpapatunay na ang pagbibigay ay nagbubunga ng tumatagal na kasiyahan at kabutihan kaysa sa pagtanggap. Sa pagbibigay, tayo ay tumatanggap rin—ang isang daluyan ay hindi nawawalan ng laman kailanman! Isa-isahin ang mga pagpapalang ipinangako sa Salita ng Diyos tungkol sa pagbibigay.

---



---



---



---